

## Piyesta ng iba't-ibang kultura sa Mizonokuchi

( 多文化フェスタみぞのくち2005 ) について

211

Ang “Multicultural Festival 2005” ng Mizonokuchi ay ipagdiriwang ng ika-15 araw ng Oktubre, Sabado upang mapag-ibayo ang pagkaka-unawaan at pagkakaibigan tungo sa paglikha ng iba't ibang kultura at maunlad na komyunidad. Matagumpay itong ipagdaraos sa tulong ng mga iba't-ibang suporta at pagbibigay halaga ng bawat mamamayan sa mga may kapansanan, mga dayuhan, mula sa mga nakatatanda hanggang sa mga kabataan.

Sa araw na ito malilibang sa mga sayaw at awiting banyaga kabilang dito ang mga awit at sayaw ng Okinawa, tambol at masasayang awiting “rock” at marami pang iba. May parte rin kung saan makakatikim ng sari-saring pagkaing Pilipino, Intsik, Koryano, Peninzula, Brazil, Gitna at Timog Amerika at iba pang bansa. May mga boluntaryong grupo at kinatawang magtitinda ng iba't-ibang produkto ng mga manggagawa.

Ang Multicultural Festival ay gaganapin sa oras ng 11:00 ~ 3:00 ng hapon Sabado ng ika-15 ng Oktubre sa taas ng gusali ng Nocty 2, isang bahagi ng Marui Family Department Store na sangay ng Mizonokuchi.

Sa mga detalye ukol sa piyesta, mangyaring kumontak sa Takatsu Shiminkan Educational and Social promotions group sa telepono bilang 044-814-7603. Libreng lumahok ang lahat kaya't halina't dumalo at makipag-saya sa pagdiriwang na ito.

## Eksibisyon ng Eskultura sa Asao Ward

( 麻生の道 彫刻展について ) 212

May promosyong ginaganap sa kasalukuyan sa Siyudad ng Kawasaki ukol sa kampanyang tinatawag na “Bulaklak at mga Berdeng Palamuti”. Bilang bahagi ng kampanyang ito, nagbukas din ang “Asao Ward Open Air Sculpture Exhibition” gaganapin sa rehiyon ng Fukikomi Crossroads. Malapit ito sa Asao ward ng Shin-yurigaoka ng Odakyu line.

Magpapanood sa eksibisyong ito ng iba't-ibang likhang pinapalitan bawat isang taon. Inaasahang marami ang dadalo at malilibang sa mga Likhang Arteng ito.

Kasalukuyan ipinapalabas ang mga 5 piling likha ng arte na magtatagal hanggang 21 araw ng Marso sa susunod na taon ng 2006.

Ito ay binubuo ng mga sumusunod:

1. “Kouro” (Route) likha ni Takashi Yamazaki, nagtapos ng pag-aaral sa Unibersidad ng Arte ng Musashino. Ang eksibisyon ay: Oomurasaki shrubbery area.
2. “Michi ni Sotte Iku” (Go Along the Road) likha ni Yuki Nagaigawa ng Tama Bijutsu Graduate University sa Satsuki-Tsutsuji shrubbery area.
3. “Rover 05-1” ni Saburo Kaizaki nagtapos sa Nihon Daigaku's Art Faculty.
4. “Kanata-E Trans-” (Trans to the Beyond) ni Youichiro Yoshikawa nagtapos sa Tamagawa Bijutsu University tanghal sa Yurinoki area.
5. “Asao Tori no Su to Shirube” (Guide to Nests of Asao) ni Takamasa Kuniyasu ng Tsukuba Graduate School Art Research) matatagpuan sa Yurinoki area.

Sa mga interesado, may araw ng pagpapakilala na gagawin ng mga lumikha ng mga ito sa bawat lugar. Ang pagpapakilala ay gaganapin sa Linggo, 20 araw ng Nobyembre. Sa iba pang detalye at impormasyon, tumawag sa Green Department of the Environment Bureau :044-200-2399.

# Piyesta ng mamamayan ng Kawasaki

(川崎市民祭りについて)

213

Sa taong ito, ang ika-28 piyesta ng mamamayan ng Kawasaki o Kawasaki Shimin Matsuri ay gaganapin ng 4, 5, 6 araw ng Nobyembre sa Fujimi Ko-en Parke ng Kawasaki ward.

Inaasahang dadaluhan ito ng may 500,000katao upang makikipagsayahan tuwing taon. Isa ito sa mga malalaking pagdiriwang na kung saan suportado ng mga mabubuting mamamayan ng Siyudad.

Ang piyesta ay binubuo rin ng isa sa pinakamalaking Bazaar sa buong bansang Hapon kung saan ito ay may 300 puwesto kasali na rin ang 25 tindahan ng mga sikat na produktong galing sa 25 bayan sa buong bansa.

Sa ika-lima, Sabado, isang kilometrong parada ang mag-mamartsa sa harap ng istasyon ng Kawasaki.

Sa ika-apat, Biyernes naman ay magtatanghal ng Paligsahan sa Pag-awit (Karaoke Contest) at ang "The Concert for Everyone, anytime anywhere" sa entablado.

Ang kasaysayan ng Kawasaki ay siyudad karamihan ay banyaga ang naglilipat upang tumira na naging malaking bahagi sa pagkatatag ng komyunidad na may iba't ibang kultura. Sa piyestang ito magkakaroon din ng International Friendship Corner, dito makakaranas ng katutubong kasuotan mula sa iba't ibang bansa, katutubong sayaw atbp. Kapuri-puri ang ibentong ito bawat taon.

Mayroon ding Soccer Lesson sa piyestang dadaluhan ng mga miyembro ng J1 kawasaki Frontale Soccer Team Supporters's Association upang turuan ang bawat isa mula sa mga bata hanggang sa mga may edad upang mapagbuti ang kanilang paglalaro ng soccer.

Sa iba pang impormasyon ukol sa Kawasaki Festival tumawag sa Kawasaki Festival, festival action committee 044-200-2308.

## Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

**Konsultasyon sa iba't-ibang Wika:**

**Wikang Ingles :** Lunes ~ Sabado

**Wikang Intsik :** Martes, Miyerkoles at Biyernes

**Wikang Koryano :** Martes at Huwebes

**Oras ng Konsultasyon:**

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

**Wikang Kastila:** Martes at Huwebes

**Wikang Portugis:** Martes at Biyernes

**Wikang Tagalog:** Martes at Miyerkoles

**Salin-wika:** Ogura Noemi

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdigang ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/